Bay Area Air District

News Release

Learn more at **baaqmd.gov**
@bayareaairdistrict

**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Nobyembre 13, 2025
**MAKIPAG-UGNAYAN SA:** communications@baaqmd.gov

# Itinampok ng Distrito ng Hangin ang pamumuno sa Bay Area at ang pandaigdigang pakikipagtulungan sa COP30

*Ibinahagi ng pamunuan ng Distrito ng Hangin kung paano maaaring makahikayat ng pagprotekta sa klima at mga estratehiya sa pagkakapantay-pantay ang lokal na aksyon*

**SAN FRANCISCO** – Ipinakita ng Distrito ng Hangin ng Bay Area ang pamumuno sa Bay Area sa pamamagitan ng malinis na hangin, inobasyon para sa klima, at pagkakapantay-pantay sa United Nations Climate Change Conference o COP30, na ginanap sa Belém, Brazil mula Nobyembre 10 hanggang Nobyembre 21. Sa isang virtual na pakikipanayam sa media noong Nobyembre 13, ipinahayag ng pamunuan ng Distrito ng Hangin ang kahalagahan ng lokal at panrehiyong aksyon upang mahikayat ang pagpapabuti sa pandaigdig na klima.

Sa COP30, nakiisa ang mga kinatawan ng Distrito ng Hangin sa mga sub-national at panrehiyong lider upang pag-usapan ang pagpopondo para sa klima, pag-aakma, at patakaran para sa komunidad na ginawa nang kasama sila. Ipinaliwanag ng Distrito ng Hangin ang pagsisikap nitong magkaroon ng pagkakapantay-pantay sa sentro ng mga ginagawa nila para sa klima, kung saan tinitiyak na ang mga komunidad na pinakaapektado ng polusyon sa hangin ang bubuo ng mga patakarang maghahatid ng mga pangmatagalang benepisyo.

“Isang karangalan ko na dumalo sa COP30 na kumakatawan sa Bay Area at Sonoma County, kung saan ang aming mga komunidad ay nakaranas ng mga matinding epekto ng klima mula sa tagtuyot hanggang sa mga wildfire hanggang sa pagtaas ng lebel ng dagat,” sabi ng Tagapangulo ng Lupon ng Distrito ng Hangin na si Lynda Hopkins. "Ang patakaran sa klima ay dapat na binubuo nang kasama ang mga tao, at hindi gagawa lang ng para sa kanila, at nagsisimula iyon sa pakikinig sa mga pinakaapektado. Iyon ang dahilan kung bakit tayo narito: upang ipakita kung paano maaaring mamuno ang mga lokal na pamahalaan sa pamamagitan ng agham, pagkakapantay-pantay, at pagkilos na nagsisimula sa komunidad upang magkaroon ng tunay na pag-usad sa lokal na antas para sa pandaigdigang mithiin.”

“Sa COP30 tinutugunan ang pang-agarang aksyong kinakailangan sa klima sa pamamagitan ng mahusay na pakikipagtulungan. Ang pamamaraan ng Bay Area sa pagprotekta sa klima ay nakabatay sa pagkakapantay-pantay, inobasyon, at malalalim na pagtutulungan sa

komunidad, at nagbibigay ito ng nakakahimok na modelo ng kung paano maaaring mamuno ang mga panrehiyong ahensiya," sabi ng Pangalawang Tagapangulo ng Distrito ng Hangin na si Vicki Veenker. "Narito ako upang makipagpalitan ng mga ideya at maiparating ang mga boses ng mga pinakanaapektuhan, dahil dapat magkaroon ng katatagan ng klima sa lahat ng border, kung saan ang mga komunidad ang nasa sentro ng lahat ng pagsisikap."

"Sinisimulan ng COP30 ang napakahalagang sandali para sa pamumuno para sa klima. Habang naliligaw ng direksyon ang mga pambansang priyoridad, nananatiling matatag ang lokal na pamunuan, ang lugar kung saan inaaksyunan ang bagay na inaambisyon," sabi ni Dr. Philip Fine, Tagapagpaganap na Opisyal ng Distrito ng Hangin. "Ipinagmamalaki ng Distrito ng Hangin na ipakita ang aming modelo para sa kalidad ng hangin at pagprotekta sa klima at na matuto mula sa mga kasamahan sa iba't ibang panig ng mundo tungkol sa lahat ng bagay mula sa pagpopondo para sa klima hanggang sa pagkakapantay-pantay sa kalusugan. Napakahalaga ng pagpapalakas ng mga pagtutulungan sa bawat antas para sa pagsusulong ng ating iisang mithiin para sa malinis na hangin at isang malusog at matatag na kinabukasan."

Pinatutunayan ng pakikiisa ng Distrito ng Hangin na may pandaigdigang epekto ang lokal na aksyon at mahalaga ang pagtutulungan ng mga border sa paggawa ng mas malinis na hangin at isang mas malusog na planeta para sa lahat. Upang ma-access ang buong livestream, mag-click dito.

Ang Distrito ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensiya na responsable sa pagprotekta sa kalidad ng hangin at pandaigdig na klima sa Bay Area na may siyam na county. Kumonekta sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Facebook, X, Instagram at YouTube.

# # #

---

*Air District Communications Office*
*375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105*
*Air District Homepage* | *News Releases*